

# Tungkol Saan ang Modyul na Ito?

Anu-ano ang  mga gusto mong gawin sa iyong buhay? Anu-ano ang iyong mga adhikain at mga pangarap? Alam mo ba kung ano ang mga dapat mong gawin upang makamit ang mga ito? Anu-ano ang mga bagay na makatutulong sa iyo para makamit mo ang mga ito?

Sa modyul na ito, matututuhan mo kung paano mo matutukoy ang iyong mga adhikain at kung paano mo makakamit ang mga ito. Matutuhan mo rin kung ano ang kahalagahan ng disiplina sa sarili upang makamit ng iyong mga adhikain.

Ang modyul na ito ay nahahati sa dalawang aralin:

Aralin 1 – *Ang Aking mga Adhikain sa Buhay*

Aralin 2 – *Ako ay Isang Disiplinadong Tao*



# Anu-ano ang mga Matututuhan Mo sa Modyul na Ito?

Matapos mong pag-aralan ang modyul na ito, dapat magawa mo nang:

- tukuyin ang iyong mga adhikain sa buhay;
- suriin ang mga iba’t ibang bagay na maaaring makahadlang sa pagkamit ng iyong mga adhikain;
- ilarawan ang kahalagahan ng pagbibigay ng gantimpala sa iyong sarili sa pagkamit ng iyong adhikain;
- bigyang kahuluganan ang disiplina sa sarili; at
- isabuhay ang disiplina sa sarili.



## Anu-ano na ang mga Alam Mo?

Sagutan ang simpleng pagsusulit na ito upang malaman mo kung ano na ang iyong nalalaman ukol sa paksang ito. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Sina Mario at Maria ay gusto nang mag-asawa. Napag-alaman nilang wala silang gaanong pera upang magpakasal. Ano ang dapat nilang gawin?

    a. Humingi sila ng pera sa kanilang mga magulang para sa kanilang kasal.

    b. Humiram sila ng pera sa kanilang mga kamag-anak at kaibigan.

    c. Maghintay hanggang makapag-ipon sila ng pera para sa kanilang kasal.

2. Si Alice ang pinakamagaling na mananahi sa kanilang barrio. Madalang niyang natatapos ang kaniyang mga gawain dahil siya'y tamad. Ang mga suki niya ay unti-unti nang lumilipat sa ibang mananahi. Ano ang dapat niyang gawin?

    a. Pag-igihan ang trabaho nang matapos niya ito sa tamang oras.

    b. Magalit sa kaniyang mga suki.

    c. Mangako sa mga suki niya na hindi na iyon mauulit.

3. Pumila si Leo upang punuin ang lalagyan niya ng tubig. Anong klaseng tao siya?

    a. Isang tamad na tao.

    b. Isang disiplinadong tao.

    c. Isang matapat na tao.

4. Nasa pula pa rin ang ilaw trapiko nang tumawid ng kalsada si Luis. Sinabi niya sa kaniyang sarili " Eh ano? Hindi naman nakatingin ang pulis." Anong klaseng tao si Luis?

   a. Isang mabuting tao.
   b. Isang masayang tao.
   c. Isang taong walang disiplina.

5. Gustong maging kusinera ni Alma, ngunit abala siya sa kaniyang trabaho bilang isang manggagawa sa pabrika. Ano ang dapat niyang gawin?

   a. Kalimutan na lamang ang pangarap niyang maging isang kusinera.
   b. Dapat niyang malaman ang tamang pangangasiwa ng oras upang magkaroon siya ng panahon para matuto ng pagluluto.
   c. Maghanap ng trabaho bilang isang kusinera kahit na wala pa siyang nalalaman tungkol dito.

6. Nais bumili ni Elsa ng bagong damit, ngunit sapat lamang ang pera niya para ipambili ng mga gamit pang-eskwelahan ng kaniyang mga anak. Ano ang dapat niyang gawin?

   a. Bumili ng mga gamit pang-eskwelahan para sa kaniyang anak at humiram ng perang pambili ng nais niyang damit.
   b. Maghintay na lamang hanggang sa makaipon siya ng pambili ng nais niyang damit.
   c. Gamitin ang pera para sa mga gamit pang-eskwela ng kaniyang mga anak upang makabili ng nais niyang damit.

7. Gustong makipaglaro ni Mario ng basketbol sa kanyang mga kaibigan. Pinagbilinan siya ng nanay niya na huwag lumabas ng bahay hanggang sa siya'y makabalik. Ano ang dapat niyang gawin?

   a. Hintaying makabalik ang nanay niya bago makipaglaro sa mga kaibigan.
   b. Hilingin na lamang sa mga kapitbahay na tingnan ang kanilang bahay para makapaglaro sila ng kaniyang mga kaibigan.
   c. Iwanan ang bahay at pabayaan ang aso na magbantay dito.

8. Nais ng nanay ni Nilda na tumanggap pa ng mas maraming tahiin upang madagdagan ang kaniyang kinikita. Alam niyang hindi niya matatapos sa oras ang mga patahing iyon. Ano ang dapat niyang gawin?

   a. Dapat siyang tumanggap ng tahiin.
   b. Dapat niyang tapusin ang mga tahiin kahit na mahina ang kalidad nito.
   c. Huwag muna siyang tumanggap ng mga tahiin hangga't hindi pa siya nakasisiguro na matatapos niya iyon sa tamang oras.

9. Itatapon na sana ni Anita ang balat ng saging nang makita niya ang "Bawal Magtapon ng Basura Dito." Ano ang dapat niyang gawin?

   a. Hanapin ang pinakamalapit na basurahan sa halip na magkalat sa bangketa.
   b. Itapon ang balat ng saging kapag wala nang nakatingin.
   c. Itapon ang balat ng saging sa ilog.

10. Aalis na sana si Emong kasama ang kaniyang mga kaibigan nang makita niya ang sirang tubo malapit sa kanilang bahay. Ano ang dapat niyang gawin?

    a. Ibalita ang sirang tubo sa isang opisyal nang barangay nang hindi nasasayang ang tubig.
    b. Magpanggap na hindi niya nakita ang sirang tubo at magpatuloy sa paglalakad.
    c. Subuking ayusin ang sirang tubo kahit na wala siyang alam tungkol dito.

Kumusta ang iyong pagsagot? Sa palagay mo kaya'y nasagot mo nang tama ang mga tanong? Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa mga pahina 36.


Kung tama ng lahat ang sagot mo, napakahusay! Nagpapakita ito na alam mo na ang karamihan sa mga paksa ng modyul na ito. Maaari mo pa ring pag-aralan ang modyul upang mapagbalik-aralan ang mga nalalaman mo na. Tinitiyak nito na may iba ka pang bagay na matututuhan.

Kung mababa ang nakuha mong iskor, huwag kang malungkot. Nangangahulugan ito na ang modyul na ito ay inilaan para sa iyo. Matutulungan ka nitong maintindihan ang ilang mahahalagang kaisipan na magagamit mo sa iyong pang-araw-araw na pamumuhay. Kung pag-aaralan mong mabuti ang modyul na ito, malalaman mong lahat ang kasagutan sa nakaraang pagsusulit at marami pang iba! Handa ka na ba?

Maaari mo nang buklatin ang susunod na pahina para sa pagsisimula ng Aralin 1.

# Ang Aking mga Adhikain sa Buhay

## Basahin Natin Ito



### Nais Kong Maging . . .

Nais kong maging isang mananahi,
Magagandang damit na pambata, ako ang tatahi,
Magsasaka naman ang gusto kong maging,
Pagtatanim at pag-aani ang aking gagawin,
Ang maging sapatero ang pangarap ko sa buhay,
Gagawa ako ng sapatos na matitibay,
Pagmamartilyo't paglalagare ang hilig ko,
Kaya't ang maging karpintero ang pangarap ko.



## Subukan Natin Ito

Ikaw naman, ano ang nais mong maging? Nais mo rin bang maging isa sa mga nabanggit sa tula? Isulat ang iyong sagot sa ibaba.

_______________________________________________________________________________

_______________________________________________________________________________

_______________________________________________________________________________


Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 37.

## Alamin Natin


Bawat tao ay may adhikain sa buhay. Ilan sa ibaba ay mga bagay na nais gawin ng isang tao sa kanyang buhay. Tingnang mabuti ang mga larawan.




may-ari ng isang *beauty parlor*




pag-aralin ang mga anak sa paaralan





maging isang kapitan ng barangay



nagmamay-ari ng isang sari-sari store



magpakasal





maging isang mekaniko

## Basahin Natin Ito









## Pag-isipan Natin Ito


Kung ikaw si Jeffrey, paano mo matutulungan si Noel sa kanyang problema? Isulat ang iyong sagot sa ibaba.

____________________________________________________________________________

____________________________________________________________________________

____________________________________________________________________________

Ihambing ang iyong sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 37.



## Alamin Natin

Gusto mo bang malaman kung paano natulungan ni Jeffrey si Noel? Ipagpatuloy natin ang pagbabasa sa kanilang kwento.





## Subukan Natin Ito


| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| K | U | S | I | N |
| K | A | R | P | I |
| M | A | G | S | A |
| E | E | W | A | T |
| L | M | A | N | A |
| I | L | R | O | T |
| S | A | P | S | F |
| S | M | A | T | D |
| A | N | W | L | N |
| D | E | S | O | G |
| L | J | O | A | N |
| E | O | R | O | T |

Subukan mong hanapin ang mga salitang ito sa kahon sa itaas. Maaaring pahalang o patayo. Simulan ang paghahanap.

1. karpintero
2. mananahi
3. tindera
4. kusinero
5. magsasaka
6. barbero

Nakita mo ba ang lahat ng mga salita. Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 37.

## Basahin Natin Ito





## Subukan Natin Ito

Kung ikaw si Jeffrey, ano ang maipapayo mo kay Noel? Isulat ang iyong sagot.

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________


______________________________________________________________________________


Ihambing ang iyong sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 38.



## Basahin Natin Ito

Gusto mo bang malaman kung ano ang naipayo ni Jeffrey kay Noel? Ipagpatuloy natin ang pagbabasa sa kwento.






## Pag-isipan Natin Ito

Alam mo ba kung ano ang pangangasiwa ng oras? Isulat ang iyong sagot sa ibaba.

_______________________________________________________________________________

_______________________________________________________________________________


_______________________________________________________________________________

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 38.

## Basahin Natin Ito




| Oras | Mga Dapat Gawin |
|---|---|
| 7:00 n.u. – 7:30 n.u. | Magdilig ng halaman |
| 7:30 n.u. – 8:00 n.u. | Pakainin ang mga manok |
| 8:00 n.u. – 9:00 n.u. | Maghanda para sa trabaho |
| 9:00 n.u. – 6:00 n.g. | Magtrabaho sa *vulcanizing shop* |
| 6:00 n.g. – 7:00 n.g. | Uuwi ng bahay/magpapahinga |
| 7:00 n.g. – 7:30 n.g. | Kakain ng hapunan |
| 7:30 n.g. – 8:00 n.g. | Hugasan ang pinagkainan |
| 8:00 n.g. – 9:00 n.g. | Manood ng telebisyon/makinig sa radyo |
| 9:00n.g. – 10:00 n.g. | Gawin ang iba pang bagay |
| 10:00 n.g. – 6:00 n.g. | Matulog |


Wow, napakaayos nito. Minsan nauubos lang ang oras ko sa kakaisip kung ano ang susunod kong gagawin.
Mas madali kung isusulat mo ang mga gagawin mo. Mahalaga rin na limitahan mo ang oras ng bawat isang gawain.
Bakit?
Sa paraang ito, maipapamahagi mo ang iyong oras. Kung uubusin mo ang iyong oras sa paggawa ng isang bagay, wala ng matitira para sa mga iba pang gawain.
Tama iyan. Sa pagtatakda ng oras sa bawat gawain, matatapos mo ang lahat ng dapat mong gawin sa loob ng isang araw.
Oo, iyan ang wastong pangangasiwa ng oras.
Nais kong gumawa ng sariling listahan. Tutulungan mo ba ako?
Oo naman! Tutulungan kita. Para saan pang magkaibigan tayo?



## Subukan Natin Ito


Gusto mo ba tulungang gumawa si Noel ng listahan? Ipamahagi ang oras ni Noel sa mga dapat niyang magawa sa loob ng isang araw. Isulat ang sagot sa ibaba. Ipinakita ang isang halimbawa upang maging gabay.

| Oras | Mga Dapat Gawin |
|---|---|
| 6:00 n.u– 7:00 n.u | Maglinis ng bakuran |
| | Pakainin ang mga manok |
| | Kumain ng agahan |
| | Pumunta sa tindahan ni Inay |
| | Pumunta sa bahay ni Mang Ambo |
| | Maglaro ng basketbol |
| | Umuwi ng bahay, kumain ng hapunan |
| | Makinig ng radyo/manood sa telebisyon |
| | Matulog |

Ihambing ang iyong mga sagot sa mga sagot ng iyong mga kamag-aral. Pagkatapos, ipakita ang mga ito sa iyong *Instructional Manager.*

## Basahin Natin Ito

Makalipas ang isang buwan…





## Pag-isipan Natin Ito

Bakit mahalagang bigyan ng gantimpala ang ating mga sarili sa mga bagay na ating nakakamit? Isulat ang iyong sagot sa ibaba.

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

Ihambing ang iyong sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 38.



## Tandaan Natin

Bawat isa sa atin ay may kanya-kanyang mga pangarap at adhikain sa buhay. Sa simula, maaaring nahihirapan tayo na matukoy kung ano ba talaga ang nais nating gawin sa buhay. Dapat isipin natin ang ating mga gusto at kinaaayawan, ang ating mga talento, kakayahan at ang ating mga kahinaan upang malaman kung ano ang ating tunay na mithiin. Pagkatapos, dapat tayong magpursige upang makamit ang mga adhikaing iyon. Mahalaga rin ang pagbibigay ng gantimpala sa sarili kapag nakamit na natin ang mga adhikaing iyon. Magsisilbi itong motibasyon upang gumawa pa ng ibang kapaki-pakinabang na bagay.

## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

Sagutan ang pagsusulit na ito upang malaman kung gaano ang iyong natutuhan sa Aralin 1.

A. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Nais ni Ronnie na maging isang magsasaka, ngunit nais ng kanyang ina na maging sundalo siya. Ano ang dapat niyang gawin?

   a. Dapat siyang maging sundalo upang masiyahan ang kanyang ina.
   b. Dapat siyang maging sundalo dahil mas kapana-panabik ito kaysa sa pagiging magsasaka.
   c. Dapat siyang maging isang magsasaka dahil iyon ang kaniyang tunay na nais.

2. Mahilig si Jose sa mga halaman. Hilig niyang alagaan ang mga puno at mga bulaklak. Magaling siyang mag-alaga ng mga ito. Ano sa tingin mo ang nais maging ni Jose?

   a. isang sapatero
   b. isang hardinero
   c. isang tsuper

3. Nais ni Anna na matuto kung paano manahi, ngunit abala siya sa trabaho niya bilang isang manggagawa sa pabrika. Ano ang dapat niyang gawin?

   a. Dapat na lamang niyang tutukan ang kaniyang trabaho at kalimutan ang pagnanais niya na matutong manahi.
   b. Dapat niyang isaayos ng tama ang kanyang oras upang magkaroon ng sapat na pagkakataon para matuto ng pananahi.
   c. Dapat siyang magbitiw sa trabaho at ibuhos ang lahat ng kanyang oras upang matuto kung paano manahi.

4. Nais bumili ni Mang Kanor ng mga bagong kagamitan sa pagkakarpintero subalit hindi sapat ang kaniyang pera. Ano ang dapat niyang gawin?

   a. Humiram siya ng pera sa kanyang mga kaibigan para makabili siya kaagad ng mga kagamitan.
   b. Hindi siya dapat bumili ng mga bagong kagamitan.
   c. Maghintay na lamang siya hanggang sa makaipon ng sapat na halaga upang makabili ng bagong kagamitan.

5. Nais ni Anita na magkaroon ng karinderya. Iniipon niyang lahat ng kanyang kinikita at matapos ang tatlong buwan, nakapagbukas siya ng sarili niyang karinderya. Ano ang susunod niyang gagawin?

   a. Dapat niyang bigyan ng gantimpala ang kaniyang sarili dahil sa pagkamit ng kaniyang adhikain.
   b. Hindi niya dapat bigyan ng gantimpala ang kanyang sarili, sa halip, dapat magtrabaho pa siya nang higit.
   c. Dapat niyang ipagyabang ang kanyang nakamit.

B. Pagtambalin ang oras na nasa Hanay A sa mga gawain na nasa Hanay B. Gumuhit ng linya upang mapagdugtong ang mga pares. Isang halimbawa ang ibinigay para maging gabay mo.

| A | B |
|---|---|
| 6:00 n.u. – 6:30 n.u. | Maghanda para sa trabaho |
| 6:30 n.u. – 8:00 n.u. | Matulog |
| 8:00 n.u. – 5:00 n.u. | Pumunta sa trabaho |
| 5:00 n.g. – 6:00 n.g. | Kumain ng almusal |
| 6:00 n.g. – 8:00 n.g. | Umuwi ng bahay/magpahinga |
| 8:00 n.g. – 6:00 n.u. | Kumain ng hapunan/manood ng telebisyon/makinig ng tugtugin |

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. 38–39.

Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot, binabati kita! Ikaw ay higit nang handa para sa susunod na aralin. Kung ang nakuha mong marka ay 8 o 9, magaling, ngunit dapat mong balikan ang mga bahagi ng aralin kung saan ka nahirapan. Kailangan mo lamang balikan ang mga bahagi ng aralin na nahirapan ka. Subalit kung ang iyong marka ay 7 o mas mababa, kailangan mong balikan ang buong aralin upang mas maunawaan mo itong mabuti.

# Aralin 2

# Ako ay Isang Disiplinadong Tao

## Basahin Natin Ito

Isang araw, naglalakad sa kalsada sina Joan at Kleng…








## Pag-isipan Natin Ito


Sumasang-ayon ka ba kay Joan o kay Kleng? Bakit? Isulat ang iyong sagot sa patlang sa ibaba.

_______________________________________________________________________________

_______________________________________________________________________________

_______________________________________________________________________________

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 39.




## Alamin Natin

Alam mo ba kung ano ang ibig sabihin ng disiplina sa sarili? Ang disiplina sa sarili ay ang pagkontrol sa sarili at asal, para sa pansariling pag-unlad. Ang taong mayroong disiplina sa sarili ay gumagawa nang tama kahit na walang nakatingin sa kanya.

# Basahin Natin Ito















## Subukan Natin Ito

May alam ka bang ilog na malapit sa inyo? Tingnan itong mabuti. May nakikita ka bang mga basura dito? Sa tingin mo ba ay mayroong disiplina sa sarili ang mga tao sa paligid nito? Isulat ang iyong mga sagot sa ibaba.

_______________________________________________________________________________

_______________________________________________________________________________

_______________________________________________________________________________

Ihambing ang iyong sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 39.

## Basahin Natin Ito




## Subukan Natin Ito

Kung ikaw si Ariel, ano ang gagawin mo? Papasok ka ba sa trabaho o hindi? Bakit? Isulat ang iyong sagot sa ibaba.


____________________________________________________________________________

____________________________________________________________________________

____________________________________________________________________________

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 39.

## Basahin Natin Ito



##  Pag-isipan Natin Ito

Sa tingin mo ba ay tama si Marivic? Kung magtatrabaho nang mabuti si Ariel, matatanggal pa kaya siya sa trabaho? Isulat ang iyong mga sagot sa ibaba.

____________________________________________________________________________

____________________________________________________________________________

____________________________________________________________________________

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 39.

##  Subukan Natin Ito

__ __

Alam mo ba kung ano ang kailangan ni Ariel para makamit niya ang kanyang adhikain? Punan ang mga kulang na titik upang malaman ang sagot.

__ __ __ __ __ __ __ __ .      __ __ __ __ __ __

Napunan mo ba ang salita sa patlang? Alamin sa pamamagitan nang pagbabasa ng mga dayalogo sa susunod na pahina.

## Alamin Natin





## Tandaan Natin


Mayroon tayong mga pangarap at adhikain at marami ring mga salik na makatutulong upang makamit natin ang mga ito. Isang mahalagang salik ay ang **disiplina sa sarili.** Ang disiplina sa sarili ay ang pagkontrol sa sarili kasama na ang asal para sa pansariling pag-unlad. Kailangan nating gawin ang tama kahit na walang nakatingin o nakabantay sa atin. Ito lamang ang tanging paraan upang umunlad ang ating sarili pati na rin ang ating kapaligiran.


## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan


Sagutan ang pagsusulit sa ibaba upang malaman mo kung gaano na ang iyong natutuhan mula sa araling ito.

A. Pag-aralang mabuti ang mga larawan, lagyan ng masayang mukha ang loob ng maliit na kahon kung ito'y nagpapakita ng sariling disiplina at lagyan ng malungkot na mukha kung hindi naman.








B. Basahing mabuti ang parirala sa ibaba, kopyahin ang bawat parirala sa loob ng tamang kahon.

- Pagpasok ng tamang oras sa trabaho
- Pagtawid ng kalsada sa hudyat ng pulis
- Pagkakalat
- Pagpila
- Tamang paggastos ng pera

| Nagpapakita ng Disiplina sa Sarili | Hindi Nagpapakita ng Disiplina sa Sarili |
| --- | --- |
| | |

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto pp.* 41-42.

Nasagot mo bang lahat ang mga tanong? Kung tama ang lahat ng iyong sagot, binabati kita! Natuto ka sa araling ito. Kung ang nakuha mong marka ay 8 o 9, magaling! Kailangan mo na lamang balikan ang mga bahagi kung saan nahirapan ka. Subalit, kung ang nakuha mong marka ay 7 pababa, kailangan mong balikan ang buong aralin upang lubos mo itong maintindihan.



# Anu-ano ang mga Natutuhan Mo?

Bago matapos pag-aralan ang modyul na ito, sagutin ang pagsusulit sa ibaba upang masukat kung gaano na ang iyong natutuhan.

Kumpletuhin ang mga pangungusap.

1. Ang aking adhikain sa buhay ay ____________________________________________________________

   ______________________________________________________________________________________

2. Upang makamit ang mga adhikaing ito, ako ay ________________________________________________

   ______________________________________________________________________________________

3. Kapag nakamit ko na ang mga adhikaing ito, ako ay ___________________________________________

   ______________________________________________________________________________________

Tapos mo na bang sagutan? Ipakita ang iyong mga sagot sa iyong *Instructional Manager.*



## Ibuod Natin

Bawat isa sa atin ay may mga adhikain at pangarap sa buhay. Minsan, tayo’y naguguluhan kung ano ba talaga ang nais nating gawin o maging. Kaya nararapat lamang nating isaalang-alang ang mga gusto at ayaw natin, kasama na ang ating mga talento at kasanayan nang sa gayon ay matukoy natin ang ating mga adhikain.

Upang maisakatuparan ang iyong mga adhikain, kailangan mong pagsumikapan ito ng mabuti. Maraming mga salik na kailangan nating isaalang-alang tulad ng wastong pangangasiwa sa oras at disiplina sa sarili. Walang imposible kung tayo ay magsusumikap.

# Batayan sa Pagwawasto

## A. Anu-ano na ang mga Alam Mo? *(pahina 2-5)*

1. **(c)**
2. **(a)**
3. **(b)**
4. **(c)**
5. **(b)**
6. **(b)**
7. **(a)**
8. **(c)**
9. **(a)**
10. **(a)**

## B. Aralin 1

*Subukan Natin Ito (pahina 7)*

*Halimbawang sagot:* Nais kong maging isang mananahi tulad ng nabanggit sa tula.

*Pag-isipan Natin Ito (pahina 9)*

*Halimbawang sagot:* Tutulungan ko siyang isipin kung ano talaga ang nais niya. Tatanungin ko siya ng mga bagay na gusto niyang gawin para malaman kung ano ba ang tunay niyang nais.

*Subukan Natin Ito (pahina 11)*

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| K | U | S | I | N |
| K | A | R | P | I |
| M | A | G | S | A |
| E | E | W | A | T |
| L | M | A | N | A |
| I | L | R | O | T |
| S | A | P | S | F |
| S | M | A | T | D |
| A | N | W | L | N |
| D | E | S | O | G |
| L | J | O | A | N |
| E | O | R | O | T |

*Subukan Natin Ito (pahina 13)*

*Halimbawang sagot:* Papayuhan ko si Noel na gamitin sa tama ang kanyang oras upang magawa at matapos niya ang mga bagay na dapat niyang gawin sa loob ng isang araw.

*Pag-isipan Natin Ito (pahina 14)*

*Halimbawang sagot:* Ang wastong pangangasiwa ng oras ay ang matalinong paghahati ng iyong oras sa bawat gawain sa dapat mong tapusin. Sa paraang ito, maaari mong gawin ang mga iniatas sa iyo at magkakaroon ka pa rin ng sapat na oras para sa mga bagay na nais mong gawin.

*Pag-isipan Natin Ito (pahina 19)*

*Halimbawang sagot:* Mahalagang bigyan natin ng gantimpala ang ating mga sarili matapos na makamit natin ang ating adhikain, lalo na't kung atin itong pinaghirapan at pinagpursigihan upang makamit.

*Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pahina 20–21)*

A. 1. **(c)**

2. **(b)**

3. **(b)**

4. **(c)**

5. **(a)**

B.

| A | B |
|---|---|
| 6:00 n.u. – 6:30 n.u. | Maghanda para sa trabaho |
| 6:30 n.u. – 8:00 n.u. | Matulog |
| 8:00 n.u. – 5:00 n.u. | Pumunta sa trabaho |
| 5:00 n.g. – 6:00 n.g. | Kumain ng almusal |
| 6:00 n.g. – 8:00 n.g. | Umuwi ng bahay/magpahinga |
| 8:00 n.g. – 6:00 n.u. | Kumain ng hapunan/manood ng telebisyon/makinig ng tugtugin |

## C. Aralin 2

*Pag-isipan Natin Ito (pahina 24)*

*Halimbawang sagot:* Sumasang-ayon ako kay Joan dahil tama lamang gawin kung ano ang nararapat kahit na walang nakatingin o nagbabantay sa iyo.

*Subukan Natin Ito (pahina 26)*

*Halimbawang sagot:* Wala akong nakikitang basura sa aming ilog. Ang mga tao sa paligid nito ay may disiplina sa sarili dahil hindi nila tinatapon ang basura sa ilog.

*Subukan Natin Ito (pahina 27)*


*Halimbawang sagot:* Kung ako si Ariel, pupunta pa rin ako kahit na ayaw ko dahil mahirap mawalan ng trabaho.


*Pag-isipan Natin Ito (pahina 29)*


*Halimbawang sagot:* Opo, sa tingin ko ay tama si Marivic. Kung sana'y nagtrabaho lamang si Ariel nang mabuti, hindi sana siya matatanggal sa trabaho.

*Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pahina 31—33)*

A.









B.

| Nagpapakita ng Disiplina sa Sarili | Hindi Nagpapakita ng Disiplina sa Darili |
|---|---|
| ♦ Pagpasok ng tamang oras sa trabaho<br>♦ Pagtawid sa kalsada sa hudyat ng pulis<br>♦ Pagpila<br>♦ Tamang paggastos ng pera | ♦ Pagkakalat |